

Mga pagbabago sa Hintuan ng Bus sa 3rd Ave S at S Main St


Paglikha ng mas ligtas, mas madaling mapupuntahan, at mas komportableng hintuan ng bus

Malawakang Pananaw ng Proyekto

Aming Pinapabuti ang hintuan ng bus sa 3rd Ave S sa pagitan ng S Washington St at S Main St upang lumikha ng mas ligtas, mas madaling mapuntahan, at mas komportableng karanasan para sa mga taong naghihintay ng bus. Ang proyekto ay makakatulong sa pagpapabuti ng oras sa pagbibiyahe sa bus at pagiging maaasahan sa pamamagitan ng paglikha ng mas mahusay na gumaganang hintuan ng bus at pagkukumpuni at pagsasaayos muli ng kalye.

Aming dinidisenyo at binubuo itong proyektong ito sa pakikipagugnayan sa King County Metro. Ang proyekto na ito ay bahagi ng Third Avenue Transit Corridor Improvements upang pahusayin ang mga koneksyon ng transit at pagiging maasahan sa isa sa mga pinaka madalas na transit corridor sa Seattle.

Mapa ng Proyekto



Iskedyul

Tag-sibol 2022: Maagang disenyo ng proyekto

Tag-sibol 2023: Pagkumpleto ng disenyo ng proyekto

Tag-lagas 2023: Pagsisimula ng konstruksyon

Tag-sibol 2024: Pagkukumpleto ng konstruksyon

Ang iskedyul ng proyekto ay maaaring magbago.

Disenyo ng Proyekto

Ang mga Pagbabago ng Proyekto ay Kinabibilangan ng:

- Pagpapalawak ng mga bangketa
- Muling pag pipintura ng mga tawiran
- Pagdagdag ng ilaw para sa mga naglalakad
- Pagtanim ng mga bagong puno
- Pagdaragdag ng iba pang mga katangian ng hintuan ng bus kabilang dito ang mga silungan, mga upuan, impormasyon sa takdang-oras na pagdating ng bus, at isang ORCA na card reader

Kami ay gumagawa ng iba pang mga pagbubuti sa kalye sa pagitan ng S Main St at S Washington St upang matulungan ang mga bus na dumaloy ng mas madali at mas mabilis. Ang mga pagbabago na ito ay kinabibilangan ng:


- Ang pagsasa-ayos ng kalye katabi ng hintuan ng bus na may bagong konkretong pagsesemento
- Pagsasa-ayos ng kalye na maging patungong timog lamang
- Lahat ng kasalukuyang mga paradahan sa kalye sa silangang panig ng kalye ay mananatili, subalit ang direksyon ay ibabaliktad

Mag-kokonstruksyon din ang Seattle Public Utilities ng pagbabago sa kanal na daanan ng tubig-ulan sa 3rd Ave S at S Main St bilang bahagi ng proyektong ito.

IMPORMASYON AT KONTAK NG PROYEKTO

Candace Goodrich, Ang Pinuno sa Pakikipag-ugnayan sa Komunidad
seattle.gov/transportation/3rd-Main-Bus-Stop
3rdandMainBusStop@seattle.gov | (206) 900-8729






Pagpopondo

Ang proyektong ito ay higit na napondohan sa pamamagitan ng mga gawad mula sa Federal Transit Administration. Karagdagang mga pinagmumulan ng pagpopondo ay kinabibilangan ng Move Seattle Levy, King County Metro, at Seattle Public Utilities.

Manatiling may Kaalaman

Habang sumusulong ang proyekto, magkakaroon kami ng masmarami pang impormasyon upang ibahagi ang tungkol sa disenyo at mga pagkakataon para sa mga feedback. Bisitahin ang aming webpage ng proyekto at mag sign-up para sa email na may mga napapanahong pagbabago upang manatiling may kaalaman!



I-scan ang code na ito nang mabisita ang aming webpage

IMPORMASYON AT KONTAK NG PROYECTO

Candace Goodrich, Ang Pinuno sa Pakikipag-ugnayan sa Komunidad
seattle.gov/transportation/3rd-Main-Bus-Stop
3rdandMainBusStop@seattle.gov | (206) 900-8729

